

NGO-CSO Magkasanib na Pahayag Global para sa isang Kinabukasang Malaya sa Toxic

Kami, (Pangalan ng organisasyon), isang samahang sibil, ay nakikiisa sa global na kampanya para sa isang kinabukasang malaya sa toxina na kung saan ang pagkakalantad sa toxina at mga mapanganib na kemikal ay hindi na pagmumulan pa ng pinsala at kung saan ang mga tao ay mayroong karapatang lasapin ang malusog at walang-humpay na luntiang kabuhayang hindi nagdudulot ng pinsala sa kanilang katawan at kapaligiran. Mga luntiang kabuhayang saklaw ang karapatan sa ligtas at matatag na mga pamayanan at paggawaan na malaya laban sa mga naka-ambang lason sa tao, kapaligiran at sa henerasyong susunod. Ito ang sustenableng kinabukasang aming nais para sa mundo at sa aming mga anak.

Dagdag pa ang aming ibayong pagtitiyak sa aming obligasyon tungo sa makatarungang daloy ng salinlahi at sa proteksyon sa lahat ng karapatan ng mga bata tungo sa isang ligtas na kapaligiran, habang kinikilala ang kanilang natatanging kahinaan laban sa mga mapaminsalang kemikal.

Kinikilala namin ang pangangailangan ng mga batayang pagbabago sa tuluy-tuloy na gawi ng konsumo, produksyon, pagkalap ng likas-yaman at disposisyon na siyang namamayani sa pandaigdigang sistemang ekonomya. Ibayo rin naming kinikilala na *“ang mga batayang pagbabago ay kinakailangan sa paraan ng pangangasiwa ng mga pamayanan sa mga kemikal, ’ [i], kasama ang kanilang disenyo, gamit at “katapusan ng buhay.”* Binibigyang-pansin namin na malaking mayorya ng mga pestisidyo at industriyang kemikal na kasalukuyang nililikha at ginagamit ay walang karampatang pagsubok ukol sa kanilang epekto sa kalusugang pantao at sa kapaligiran, partikular sa bahagi ng umuusbong na alalahaning humahamon sa sentral na simulain ng toxicology tulad ng endocrine disruption, epigenetics[1], umiiral na mababang sukat ng pagkakabilad, at ang epekto ng mga kemikong sangkap.

Dagdag pa, kinikilala namin na ang mga sakit tulad ng cancer, sakit sa puso, diperensya sa palasuplingan o reproduksyon, hika, autism, diabetes, mga mapanirang sakit at sakit sa pag-iisip ay napag-alamang mayroong kaugnayan sa polusyon sa hangin, tubig, lupa at pagkain, [ii] sampu ng mga nakakalasang toxina sa produktong paninda at mga basura.

Binibigyang-din namin na ang karapatan ng mga tao para sa luntiang kabuhayan at sustenableng kinabukasan ay apektado ng pagkakabilad sa mga nakalalasang kemikal sa lugar-paggawaan, mga paaralan, mga sakahan at sa tahanan, at mangyari pang ito ay uubrang magdulot ng malubha at walang-paggaling na pagkasira sa katawan tulad ng cancer, depekto sa pagsilang, suliranin sa paglaki, negatibong epekto sa immune system, neurotoxicity at pagkasira sa metabolismo. Binibigyang-diin namin kalakip ang pagkabahala na ang mga makukulit at bioaccumulative na kemikal ay nananatili sa katawan ng tao nang matagalan matapos ang pagkakabilad at maaaring ipasa mula sa nanay patungo sa sanggol, sa sinapupunan at sa pamamagitan ng pagpapagatas, at idagdag pa ang pagtawid nito sa harang ng dugo sa utak dahilang upang maapektuhan ang paglago ng central nervous system ng bata.

Isinusulong namin ang 2009 SAICM NGO Global na Pahayag at ang 2020 layunin ng World Summit on Sustainable Development at tinitiyak namin ang paniniwalang ang *‘pamumuhay sa isang mundong malaya sa polusyon ay isang batayang karapatang pantao’* at ang *‘pangunahing karapatan sa buhay ay namimiligro sa pagkakabilad sa mga toxinang kemikal, mapaminsalang basura, at kontaminadong inuming tubig at pagkain.’*[iii]

Tinatanggap namin na ang mahusay na pangangasiwa sa mga kemikal kalakip ang mga nararapat na reporma ay *‘kailangan upang marating ang sustenableng paglago kasama ang pagsupil sa kahirapan at pagkakasakit, pagsasa-ayos ng kalusugang pantao at ng kapaligiran at ang pagsasabuti at pagmamantina sa pamantayan ng pamumuhay sa mga bansa sa lahat ng antas ng pagsulong,’*[iv] na naaayon sa Millennium Development Goals.

Binigibyang-diin namin na ang makahulugan at aktibong partisipasyon kasama ang karapatan sa malaya, maagap at maalam na pagsang-ayon ng lahat ng sektor ng lipunang sibil, partikular ang kababaihan, manggagawa at mga katutubo, ay kinakailangan sa pagsasagawa ng kapasyahang pang-regulasyon kaugnay sa usapin ng kaligtasan sa kemikal, at kinikilala ang kagyat na pangangailangan para sa *'pagbibigay-kaalaman at karunungan ukol sa mga kemikal sa kabuuan ng kanilang siklo ng buhay, kasama ang mga panganib na kanilang ibinabadya sa kalusugang pantao at sa kapaligiran;*'[v]

Tinatanggap namin na ang industriya ng kemikal ay gumaganap ng importanteng papel sa global na ekonomya na mayroong taunang benta ng mahigit 3,000,000,000,000 U.S. dollars. Pinapansin namin kalakip ang pagkabahala na ang walang mintis na paglago sa ambag ng pangdaigdigang produksyon ng kemikal ay pumapaling sa mga umuunlad at nagbabagong bansa na mayroong limitadong kapasidad na pangasiwaan at reglahan ang mga operasyong ito at walang mekanismo ng pagtalima upang masagkaan ang mga panganib sa kalusugang pantao at ng kapaligiran.

Pinapansin namin na halos lahat ng mga bansa ay tumitindi ang paggamit sa mga sintetikong pestesidyo at pang-industriyang kemikal, kasama ang mga mapanganib na lamang-sangkap at bilyong maliliit na parte ng mga materyal na nakapaloob sa mga produktong paninda. Subalit, ang mayorya ng mga bansa partikular yaong mga umuunlad at mga bansang nasa yugto ng pagbabago ay walang karampatang imprastruktura o likas-kakayahang siguraduhin ang maayos na pangangasiwa sa pestesidyo, pang-industriyang kemikal at mga kalalabasang basura. Ito ay partikular na roon sa dumaraming kantidad ng electronic waste o basurang elektroniko; ang patuloy na paglago ng solido at likidong basura mula sa pagmimina at sa pangangalap ng petrolyo at gas; lumang pestesidyo at ang kanilang lalagyan; at ang malawak at mapanganib na bunton ng mga basurang industriyal – ang mga toxinang pamana ng ating nakaraan.

At kinikilala namin ang halaga ng kawalang-aksyon laban sa mga kemikal ay di-lubusang mabilang subalit malaman. Binigyang-pansin namin ang konserbatibong pagtaya ng World Health Organization na ang mga kemikal mula sa industriya at agrikultura at ang malubhang pagkalasong kemikal ay responsable sa 1.2 milyong kamatayan kada taon at sinasaklaw ang 1.7 bahagdan ng mga gobal na sakit.[vi]

Ang malaking gastos sa mga pagkasawi at pagkakasakit na dinaranas ng mga indibidwal, pamayanan at mga bansa (partikular ang mga mahihirap at pinaka-bulnerable) ay hindi sinasagot ng mga lumilikha ng mga kemikal dili kaya'y pinag-aambagan ng mga kaugnay na kawing sa produksyon. Sa halip, nagpapataw sila ng di-katanggap tanggap na pabigat sa mga umuunlad at nagbabagong bansa.

Bilang tugon, kami ay:

- Sumusuporta sa kahilingan at pakikibaka ng mga manggagawa, kababaihan at ng mga bata, katutubo, pisanteng magsasaka, mga mamimili at pamayananang apektado ng mga toxinang kemikal sa kanilang pagtupad ng kanilang mga karapatan tungo sa isang malusog na kapaligiran, proteksyon sa manggagawa, karapatan sa kaalaman, makatwirang kompensasyon, pagpapagamot medikal at hustisyang pangkapaligiran.
- Naninindigan ang aming samahan upang masugpo ang lumalalang daloy ng toxinang kemikal na lumalaganap sa ating mga katawan, at pati na yaong sa ating mga anak, na nagbabanta laban sa kalusugan at sa pagpapatuloy ng susunod na salinlahi at mga inapo.
- Kumakapit sa mga prinsipyong nagpapatingkad sa aming misyon tungo sa isang isang malaya-sa-toxinang bukas: pagbibigay-babala, karapatan sa kaalaman, walang datos-walang mercado, pagpapalit at paglikida ng mga mapanganib na lamang-sangkap, pagbabayad ng mga responsable sa polusyon at ang pinalawig na responsabilidad ng mga tagagawa ng mga kemikal.

- Kinikilala ang realidad na para makamit ang isang sustenableng kinabukasan, ang pangunahing gawain ay isang malalimang transpormasyon ng mga industriyang kemikal na kung saan ang proteksyon ng mga manggagawa, katutubo, kalusugang pangpamayanan at ang kapaligiran ay hindi isinasakripisyo sa ngalan ng patubo.
- Nagbibigay-diin na ang sustainable at responsableng industriya ng kemikal ay kailangang magkaroon ng layuning puksain ang lahat ng polusyon at bayaran ang tunay na halaga ng kanilang produkto sa kabuuan ng siklo ng buhay nito. Ang mga mekanismo sa pagsasadiwa ng halaga at mga repormang piskalya, na tunay na sumasalamin sa halagang ekolohikal ay uubrang umagapay sa aspetong ito at makatulong sa pagbibigay ng likas-kakayahang kailangan sa pagsusulong ng isang mabisang panuntunan ng pangangasiwa sa mga kemikal, pagtatasa, monitoring at mga kalakaran.
- Sumusuporta sa isang malinaw na pamantayan at polisiya na nag-eengganyo ng mga mamumuhunan sa isang sustenableng industriya ng kemikal upang makatulong mabura ang produksyon ng mga di-sustenableng kemikal; upang suportahan ang isang luntiang desensyo at luntiang kemistri; upang ganap na tasain gamit ang isang life cycle na lapit sa lahat ng bagong teknolohiya bago ang kanilang pagpasok sa mercado, at upang protektahan ang mga umunlad at nagbabagong bansa mula sa di-makatwirang pagbalikat sa mga pagbigat sa kalusugan, kapaligiran at ekonomya.
- Kumikilala na ang pagkamit ng isang sustenableng kinabukasan kung saan lahat ay mayroong pribelehiyo sa ligtas, masustansyang pagkain, isang malalimang transpormasyon sa agrikultura ay pangunahing mithi patungo sa agrikulturang bumabatay sa samut-saring buhay-ekolohiya.
- Dahil sa napapansing mga naka-ambang panganib ng mga global na mamimili mula sa di-kontroladong lamang-sangkap ng mga toxinang produkto, kami ay sumusuporta at nagsusulong sa implementasyon ng mga paunang babala, kuna sa kuna, pamamaraang siklo ng buhay sa desensyo ng mga produkto sampu ng luntiang pamantayan sa pangangalap, mas mainam na sangkot ang ikatlong-partidong sertipikasyon, upang ang mga toxinang kemikal ay hindi nagagawang makapasok sa mga produkto sa pamilihan at ang kalakip na basura nito; at kami ay nananawagan para sa sapilitang pagtatatak ng mga mapanganib na sangkap sa mga produkto at sa mga paggawaan, habang sinisigurado ang proteksyon ng lahat ng tao at ng kapaligiran.
- Sumusuporta sa masinag na pagbibigay-kaalaman ukol sa ganap na kemikal at materyal na lamang-sangkap ng mga produkto sa buong kawing ng suplay at produksyon nito at ang akses ng publiko sa kaalaman.
- Nagtatrabaho upang makamit ang isang pandaigdigang pagtanggap sa mapanganib, di-makontrol na kemikal kasama na ang mga lubhang mapanganib na pestesidyo, persistent bioaccumulative toxins (PBTs), very persistent and very bioaccumulative substances (vPvBs), genotoxins, carcinogens, mga kemikal na umaapekto sa palasuplingan, sa immune at nervous systems, endocrine disruptors, mga sangkap na dumaraan sa malayuang biyahe, mga toxic metal tulad ng mercuryo, cadmium at mga tingga at mapanganib na nanomaterials o yaong bilyun-bilyong malilinggit na bahaging sangkap na mapaminsala. Ang pangdaigdigang pagtanggap ay kinakailangan upang maiwasang maipagbili o itapon sa iba yaong mga ipinagbabawal at restriktadong kemikal mula sa ibang bansa, partikular doon sa mga bansang walang kapasidad na magpatupad ng mainam na pangangasiwa ng mga kemikal.

➤ Naninindigan sa aming sarili at nananawagan sa lahat ng mayroong-pagtaya kabilang na ang mga gobyerno, non governmental organisations, mga negosyo, mga institusyon ng pribadong sektor, akademya, intergovernmental organisations, media at iba pa na trabahuhin nang sama-sama ang kagyat na reporma at pagbuklurin ang pagtatasa sa kemikal, regulasyon at pangangasiwa sa pandaigdigang antas, pang-rehiyon at panloob upang makamit ang isang kinabukasang malaya para sa lahat laban sa toxina. Nanawagan kami tungo sa muling-pagsandig sa layon ng SAICM sa pinakamataas na antas pulitika at hinihikayat namin ang mga pamahalaan at mga mayroong-pagtaya na unahing dagdagan ang suportang pinansyal sa pagsasakatuparan ng SAICM at ang kasunduan ng maramihang-panig ukol sa kemikal at basura.